CSU The California State University
WORKING FOR CALIFORNIA

Paano Makapasok sa Kolehiyo

Kaya Mong Gawin Ito!

Ang isang college degree ay makakatulong sa iyo na maabot ang iyong mga pangarap na maging isang guro, isang astronaut, isang doktor o nars, isang athlete, isang artista, o anuman ang gusto mo. Magplano nang maaga at sundin ang mga hakbang sa bawat grado o antas.

Anong Mga Klase Ang Dapat Kong Kunin?
(Grade 9 hanggang Grade 12)

Kinakailangan ng California State University ang sumusunod na mga klase bilang paghahanda para sa kolehiyo (tinatawag na "a-g" courses) para makapasok:

- English: 4 na taon na college preparatory English composition at literature (kumuha ng isa bawat taon)
- Math: 3 taon (4 na taon ang inirerekomenda), kasama ang Algebra I, Geometry, Algebra II, o higher mathematics (kumuha ng isa bawat taon)
- History at Social Science: 2 taon, kasama ang 1 taon ng U.S. history (o 1 semestre ng U.S. history at 1 semestre ng civics o American government) at 1 taon ng social science
- Laboratory Science: 2 taon na may lab class
- Wika (maliban sa English): 2 taon ng parehong wika (maaaring kunin ang American Sign Language)
- Visual and Performing Arts: 1 taon ng dance, drama o theater, music, o visual arts
- College Preparatory Elective: 1 taon ng anumang college preparatory subject

Paunawa: *Mahigit sa 6,500 high school career/technical classes ang tinatanggap bilang isa sa mga pangangailangan sa a-g course. Tingnan ang "mga Listahan ng a-g Course" sa* ***www.ucop.edu/doorways*** *upang malaman kung alin ang mga kwalipikado.*

Magpunta sa:
www.calstate.edu

Paano Ako Magbabayad Para sa Kolehiyo?

- Ang bayad sa CSU ay humigit-kumulang sa $3,800 bawat taon, isa sa pinakamababa sa bansa para sa isang apat-na-taong pampublikong unibersidad.
- Maaaring kwalipikado ka para sa financial aid **(www.fafsa.ed.gov)**.
- Kung mataas ang mga grado mo sa high school, kung natutupad mo ang mga pangangailangan sa pananalapi, at kung ikaw ay nakatira sa California, garantisado kang makakakuha ng Cal Grant **(www.csac.ca.gov)** — pera para sa kolehiyo na hindi kinakailangang isauli.

Paano Makakatulong Ang mga Pamilya sa Mga Estudyante na Magtagumpay

- Tulungan ang iyong anak sa araling-bahay at makipagkita sa mga guro at mga tagapayo upang pag-usapan ang trabaho sa kurso na makapaghahanda sa iyong anak para sa kolehiyo.
- Kausapin ang iyong mga anak tungkol sa mga karera na mabuti para sa kanila at kung anong kolehiyo ang gusto nilang puntahan.
- Mag-research ng financial aid, scholarships at Cal Grants. Isaalang-alang ang pagbubukas ng isang college savings account sa ScholarShare **(www.scholarshare.com)**.
- Kontakin ang mga CSU campus na gusto mo upang mag-iskedyul ng isang tour at kumuha ng impormasyon tungkol sa mga programa, mga kinakailangan upang makapasok, at financial aid.

Gaano Kahalaga Ang Mga Grado?

- Kung ang iyong GPA sa college preparatory courses na kinuha mula grade 10 hanggang 12 ay 3.0 o mas mataas, awtomatiko mong natutupad ang minimum na kinakailangan upang maging karapat-dapat para sa karamihan ng mga programa at mga campus ng CSU.
- Kung ang iyong GPA ay nasa pagitan ng 2.0 at 3.0, ang iyong eligibility ay magdedepende rin sa iyong mga resulta sa ACT (American College Test) o SAT (Scholastic Assessment Test) kasama ng iyong GPA. Para sa karagdagang impormasyon: **www.csumentor.edu**.

Paunawa: *Ang ilang mga kampus ng CSU ay nangangailangan ng mga mas mataas na GPA at mga iskor sa test para makapasok dahil ang bilang ng mga aplikante na karapat-dapat ay mas mataas kaysa sa bilang na maaaring makapag-enroll sa campus. Para sa karagdagang impormasyon:* ***www.csumentor.edu****.*

Sundin ang mga hakbang sa bawat grado o antas upang malaman kung paano makapasok sa kolehiyo.

Grade 6 at 7

- Kausapin ang iyong school counselor tungkol sa mga kurso na maghahanda sa iyo para sa kolehiyo.
- Kumuha ng isang college prep English course.
- Kumuha ng mathematics, tulad ng pre-Algebra.

Grade 8

- Kunin ang Algebra I.
- Kumuha ng isang wika maliban sa English.
- Kunin ang ACT EXPLORE.
- Simulan ang iyong Student Planner sa **www.csumentor.edu**.

Grade 9

- Kunin ang mga kinakailangang kurso upang matupad ang mga pamantayan sa admission ng CSU: Algebra I o Geometry, college prep English, at isang wikang banyaga.
- Kunin ang mga kinakailangang elective na kurso na tumutupad sa mga pamantayan sa admission ng CSU: history, English, math, science, visual at performing arts at isang wikang banyaga.
- Kunin ang ACT EXPLORE.
- Simulan o i-update ang iyong Student Planner sa **www.csumentor.edu**. Ang planner ay mayroong impormasyon sa mga kurso at mga grado na kinakailangan para makapasok sa CSU.

Ang CSU ay may 23 campus na mapagpipilian!

www.calstate.edu

Grade 10

- Kunin ang Geometry o Algebra II.
- Kunin ang college prep English.
- Kunin ang PLAN ng ACT, na makakatulong sa iyo na maging handa para sa ACT.
- Sumali sa mga enrichment program at mga summer workshop sa mga campus ng CSU sa mga subject tulad ng music, science, engineering, writing, filmmaking, at iba pa.

Grade 11

- Rebyuhin kasama ng counselor ng iyong eskwelahan ang mga klase na kinakailangan mong kunin para sa CSU admission, kabilang ang Algebra II o advanced math at English na nagbibigay-diin sa pagsusulat at mapanuring pagbabasa.
- Kunin ang Early Assessment Program (EAP) exam ng CSU **(www.calstate.edu/eap)** upang matiyak kung ikaw ay handa na para sa mga kurso ng college-level mathematics at English.
- Para sa mga Estudyanteng kumukuha ng Advanced Placement (AP) na mga klase: Magrehistro upang kunin ang AP exams sa spring. Maaari kang makakuha ng college credit para sa mga kurso ng AP kung mataas ang iyong iskor sa (mga) test.
- **Oktubre:** Magrehistro sa PSAT (Preliminary Scholastic Assessment Test), isang practice exam para sa SAT (Scholastic Assessment Test).
- Magrehistro nang maaga para sa ACT **(www.actstudent.org)** o kaya sa SAT (Scholastic Assessment Test). Kung kukunin mo ang exam sa spring o summer, makukuha mo ang mga resulta nang mas maaga para malaman kung kinakailangan mong kunin itong muli sa fall. Hihilingin sa iyo ng ilang mga campus ng CSU na kunin ang ACT o SAT sa Oktubre ng iyong senior year.

Ano Ang Makakatulong Sa Akin Para Magtagumpay?

CSUMentor — www.csumentor.edu

Ang CSUMentor ay may impormasyon tungkol sa admission, financial aid, majors, campus virtual tours, isang student planner at marami pang iba.

Early Assessment Program (EAP) — www.calstate.edu/eap

- Ang EAP ay nakakatulong sa mga estudyante sa high school na makatupad sa mga pamantayan upang maging handa sa English at mathematics.
- Ang EAP tests ay opsyonal at ibinibigay sa spring ng grade 11 bilang bahagi ng kinakailangang California Standards Tests (CSTs). Ang mga nasa grade 11 ay sasabihan sa simula ng spring kung kailan ang mga petsa para sa testing.
- Para sa mga estudyante na kumukuha ng EAP:
  - Maaaring hindi na nila kunin ang CSU English at/o mathematics placement tests na sana'y dapat nilang kunin
  - Maaari nilang malaman kung kinakailangan ng karagdagang paghahanda sa English at math upang magtagumpay sa CSU habang naka-enroll pa rin sa high school
  - Maaari nilang i-adjust ang senior-year coursework upang maghanda para sa CSU
  - Maaari nilang iwasan ang mag-aksaya ng panahon at pera para sa college remediation courses na hindi naman magagamit para makakuha ng bachelor's degree

Mathematics Diagnostic Testing Project (MDTP) — mdtp.ucsd.edu

Ang MDTP ay isang assessment test upang malaman kung handa para sa mga kurso sa mathematics tulad ng Algebra, Geometry, at Calculus. Alamin kung ang iyong eskwelahan ay kasali.

Kaya Mo Iyan!

Grade 12

- Kumuha ng English at iba pang mga kurso na kinakailangan para sa CSU admission. Inirerekomenda rin ang mga kurso sa advanced math tulad ng Trigonometry o Analytic Geometry/Calculus.
- Kung ikaw ay "Hindi Handa para sa College Level Mathematics Courses" o "Handa na para sa College Level Mathematics Courses – Conditional" sa Early Assessment Program (EAP) exam ng Grade 11, kinakailangan mong kunin ang mathematics course ng grade 12 na may prerequisite ng Algebra II (o Algebra II) upang gawing mas mahusay ang iyong math. Maaari nitong pahusayin ang iyong pagkakataon na makapasá sa placement test ng CSU.
- Kung ikaw ay "Hindi Handa para sa College Level English Courses" sa Early Assessment Program (EAP) exam, bisitahin ang **www.csuenglishsuccess.org** upang magsanay ng iyong English. Maaari nitong pahusayin ang iyong pagkakataon na makapasá sa placement test ng CSU.
  - Pumili ng isang English course sa grade 12 na may mapanuring pagbabasa at pagdibelop o pagbubuo ng kakayahan sa pagsusulat.
- **Sa simula ng Setyembre:** Magrehistro para sa Oktubre na ACT **(www.actstudent.org)** o kaya sa SAT (Scholastic Assessment Test).
- **Oktubre-Nobyembre:** Mag-aplay sa CSU **(www.csumentor.edu)**. Kung regular mong ina-update ang iyong "Student Planner," ang impormasyon sa iyong kurso ay awtomatikong ililipat sa iyong aplikasyon. Ang deadline sa aplikasyon ay sa ika-30 ng Nobyembre, maliban kung may ibang sinabi.
- Pag-aaplay para sa scholarships. Magtanong sa iyong tagapayo o sa career center para sa impormasyon.
- **Sa simula ng Nobyembre:** Magrehistro para sa ACT o SAT (Scholastic Assessment Test) sa Disyembre kung mag-iiksamen ka muli.
- **Enero-Marso:** Mag-aplay para sa financial aid **(www.fafsa.ed.gov)**. Ang deadline ay sa ika-2 ng Marso.
- **Marso-Mayo:** Magrehistro para sa placement exam ng CSU (maliban kung ikaw ay exempt), na kinakailangan bago mag-enroll sa CSU.
- **Katapusan ng Spring:** Ang mga estudyanteng kumukuha ng mga Advanced Placement (AP) na klase ay dapat kumuha ng AP exams. Maaari kang makakuha ng college credit para sa mga kurso ng AP kung mataas ang iyong iskor sa (mga) test.

BOEING

Namumuhunan sa Pag-unlad ng Estudyante
www.boeing.com